



NEW MUSLIM
ACADEMY

Kawang-gawa at Mabubuting Gawain sa Buwan ng Ramadan





Ang Ramadan ay buwan ng mga pagpapala, isang natatanging buwan sa Islamikong kalendaryo, isang panahon ng pang-espirituwal na pagbabago, pagmumuni-muni sa sarili, at pagpapataas ng debosyon sa Allah. Sa buwang ito, ang mga Muslim sa buong mundo ay nag-aayuno mula sa madaling-araw hanggang sa dapit-hapon at nakatuon sa mga gawaing pagsamba, kawang-gawa at kabutihan. Hinikayat ang mga Muslim na gumawa ng kabutihan sa buong taon at sa buong buhay natin dito sa mundo. Gayunpaman, sa panahon ng Ramadan, ang gantimpala mula sa Allah ay pinadami, na nagpapakita ng Kanyang labis na pagiging mapagbigay.

Ang isa sa pinakamahalagang gawain ng pagsamba sa panahon ng Ramadan ay ang pagbibigay ng kawang-gawa sa mga nangangailangan. Sa Islam, ang pagbibigay ng kawang-gawa ay itinuturing na isang uri ng pagsamba at isang paraan ng paghahangad ng kasiyahan ng Allah. Ang gawaing pagbibigay sa buwan ng Ramadan ay nagpaparami ng gantimpala, at ang mga pakinabang ng kawang-gawa sa buwang ito ay napakalaki. Ang pagbibigay Sa buwan ng Ramadan ay hindi lamang tungkol sa pagtupad sa panrelihiyong mga obligasyon, sapagka't ito rin ay isang paraan para ipakita ang ating pasasalamat sa Allah at upang ipakita ang pakikiramay sa ating kapwa tao. Ito ang panahon kung kailan naaalala natin ang mga pagpapala na mayroon tayo at ang mga paghihirap na maaaring kinakaharap ng iba.

Si Ibn Abbas (RA), ang pinsan ni Propeta Muhammad (SAWS), at ang kanyang alagad, ay inilarawan kung gaano mapagbigay si Propeta Muhammad (SAWS) sa buwan ng Ramadan. Kanyang sinabi, “Si Propeta Muhammad (SAWS) ang pinaka-mapagbigay sa lahat ng tao, at siya ay mas lalong nagiging bukas-palad sa buwan ng Ramadan nang makilala niya ang Anghel na si Gabriel. Gabi-gabi siyang binibisita ng Anghel na si Gabriel sa buwan Ramadan upang muling basahin at pag-aralan ang Quran kasama niya. Si Propeta Muhammad (SAWS) noon ay naging mas mapagbigay, na nagdudulot ng higit na pakinabang sa iba kaysa sa hangin na nagdadala ng ulan at mga pagpapala.

Ang isa sa pinakamahalagang uri ng kawanggawa sa Islam ay ang Zakat, ang obligadong pagbibigay ng 2.5% ng naipon ng isang tao na yaman sa pananalapi sa mga nangangailangan na kwalipikadong tumanggap nito. Ang Zakat ay isang gawain ng paglilinis at isang paraan upang tiyakin na ang kayamanan ay naipamahagi nang patas sa lipunan. Ito ay isang paraan ng pag-aalaga sa mga mahihirap at mahihina at pagtupad sa ating tungkulin sa ating kapwa Muslim. Ito ay may partikular na mga tuntunin at mga kondisyon na dapat matugunan.



Bilang karagdagan sa Zakat, ang mga Muslim ay hinikayat na magbigay ng boluntaryong kawang-gawa, na kilala bilang Sadaqah. Ang Sadaqah ay maaaring ibigay sa anumang halaga at maaaring magkaroon ng maraming anyo, tulad ng pagbibigay ng pagkain sa mga nangangailangan, pagtaguyod sa isang ulila, o pag-aambag sa isang kawang-gawa. Alam ng mga Muslim na ang ating kayamanan ay hindi talagang atin. Ito ay ipinagkatiwala mula sa Allah at dapat ingatan kung paano at saan natin ito gugugulin. Maging mas mapagbigay sa buwan ng Ramadan at huwag pigilin ang mga dahilan na nagbibigay ng pakinabang, maging ito ay pagpapakain ng mga nagugutom, pagbibigay ng damit sa mahihirap o walang kakayahan o paggugol ng salapi para sa mga layuning tumutulong sa pagpapalaganap ng Islam at pagtataguyod sa kahalagahan nito. Ang paggugol para sa kapakanan ng Allah ay may malaking gantimpala at pag-asa.

Kung wala kang kakayahan sa kasalukuyan na magbigay ng salapi, okay lang yan. Ang pagbibigay ng kawang-gawa sa Islam ay may maraming anyo, at ito ay hindi lamang limitado sa pagbibigay ng salapi o materyal na mga pag-aari. Kasama rin dito ang pagbibigay ng oras, pagbibigay ng mabubuting salita, o pagsusumikap lang na tumulong sa mga nangangailangan. Ang pagbibigay sa buwan ng Ramadan ay hindi lamang pansariling gawaing pagsamba, ito rin ay isang paraan upang makapag-ambag para sa higit na kabutihan ng lipunan. Ito ay isang paraan upang maibsan ang paghihirap ng mga nangangailangan, itaguyod ang katarungang panlipunan, at patatagin ang samahan ng komunidad.



Ang isa sa pinakamabuting anyo ng kabutihan sa buwan ng Ramadan ay ang pagbibigay ng pagkain o pagpapakain sa iba para putulin ang kanilang pag-aayuno. Ipinabatid sa atin ni Propeta Muhammad (SAWS) na ang paggawa nito ay magbibigay sa atin ng gantimpala ng taong nag-aayuno nang hindi binabawasan ang kanilang gantimpala. Ang pagpapakain sa iba ay nagdudulot ng malaking halaga ng pagmamahal at kabaitan sa isa't isa. Gustung-gusto ng mga tao ang pagkain at kadalasan ay pinagsasama o pinag-iisa nito ang mga puso, lalo na pagkatapos ng isang mahabang araw ng pag-aayuno, kung ang tao ay likas na pagod at may kaunting lakas para magluto.



Ang Ramadan ay hindi lamang panahon ng pag-aayuno at pagsamba, ito rin ay isang panahon ng pagbuo ng tulay at pagpapakita ng habag. Bilang isang bagong Muslim, ay maaari mong gamitin ang buwan na ito para ipakita ang kagandahan at karunungan ng Islam sa mga miyembro ng iyong pamilya sa pamamagitan ng mga pagkilos at mga salita. Nangangahulugan ito ng anumang pag-iwas sa mga argumento o hindi pagkakaunawaan na maaaring maganap mula sa kanilang iba't-ibang mga paniniwala at pamumuhay. Nangangahulugan din ito ng pagpapatawad sa kanila kung sila ay nagsabi o gumawa ng isang bagay na nakasakit sa iyo, at hingin ang kanilang pagpapatawad kung ikaw ay nagkamali. Maaari mo rin silang tulungan sa kanilang mga paghihirap at mga pagsubok at pahalagahan ang kanilang mga pagsisikap at sakripisyo. Halimbawa, maaari mo silang hayaan na magkaroon ng kaunting kapayapaan at katahimikan kung sila ay pagod sa kanilang trabaho o pag-aaral, o tulungan sila sa ilang mga gawain o tungkulin. Dapat kang maging mabait at magiliw lalo na sa iyong mga nakatatanda at nakababatang kapatid, na maaaring hindi lubos na nauunawaan kung bakit ka nag-aayuno.



Ang Ramadan ay isa ring magandang panahon para makipagkasundo sa iba. Kung may mga tao na hindi mo kinakausap, tulad ng mga miyembro ng pamilya o mga kaibigan, dahil sa mga hindi pagkakaunawaan na naganap sa inyong pagitan, ang Ramadan ay isang magandang panahon para humingi ng tawad sa mga pagkakamali, pagpapakumbaba, pagbabago, at pagpapatawad sa mga nagkasala sa iyo.

Ang Ramadan ay panahon ng paggawa ng kabutihan , at tulad ng iyong nakikita, maraming pintuan ng kabutihan na maaari mong pasukin at pakinabangan. Samantalahin ang magandang pagkakataon at magsimulang magplano ng maaga para sa napaka-pinagpalang buwan na ito.



